## Ang Kapanganakan ni Jesus

(Matteo 1:18-25, Matteo 2:1-15 at Lucas 2:1-21)



Sa isang maliit na bayan ng Nazareth, may isang dalaga na nagngangalang Maria. Siya ay nakatakdang ikasal kay Jose, na isang karpintero. Isang araw, nagkaroon ng hindi malilimutang karanasan si Maria - nagpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon na si Gabriel. Sinabi ng anghel na siya ay pinili ng Diyos upang manganak ng isang lalaki, at ang bata ay papangalanang Jesus. Ang batang ito ay tatawaging Anak ng Kataas-taasan, at Siya ang magliligtas sa Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan.

Nalito si Maria sapagkat hindi pa sila nagsasama ni Jose bilang mag-asawa. Ngunit tiniyak ni Gabriel na ang himala ay mangyayari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Sa pagtitiwala sa Diyos, tinanggap ni Maria ang kanyang papel sa plano ng Panginoon.

Nang malaman ni Jose na nagdadalang-tao si Maria, siya ay labis na nabahala. Siya ay isang matuwid na tao at ayaw niyang ipahiya si Maria sa harap ng publiko, kaya't napagdesisyunan niyang tahimik na tapusin ang kanilang kasunduan sa kasal. Ngunit isang gabi, habang natutulog si Jose, nagpakita sa kanya ang isang anghel sa panaginip. Sinabi ng anghel, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria. Ang batang dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo. Siya'y manganganak ng isang lalaki, at ang pangalan niya'y tatawaging Jesus, sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan."

Nagising si Jose mula sa panaginip at sinunod ang utos ng anghel. Kinuha niya si Maria bilang kanyang asawa, ngunit hindi sila nagsama bilang mag-asawa hanggang sa ipinanganak si Jesus.

Noong panahong iyon, ipinagutos ni Emperador Augustus Caesar na lahat ng tao ay kailangang magpunta sa kanilang sariling bayan para magparehistro. Kaya naglakbay sina Maria at Jose papuntang Bethlehem, kahit na si Maria ay malapit nang manganak.

Nang makarating sila sa Bethlehem, puno na ang lahat ng mga bahay paupahan. Walang lugar para matuluyan sina Maria at Jose. Sa wakas, may isang mabait na tao na nagbigay sa kanila ng lugar, isang kwarto kung saan naroon ang kanyang mga hayop. Doon, sa payak na lugar na

iyon, ipinanganak ni Maria si Jesus. Binalot niya ng tela ang sanggol at inilagay sa isang sabsaban kung saan pinapakain ang mga hayop. Natuwa sina Maria at Jose dahil alam nilang espesyal si Jesus.

Sa labas ng bayan, may mga pastol na nag-aalaga ng kanilang mga tupa. Biglang nagpakita sa kanila ang isang anghel! Sabi ng anghel, "Huwag kayong matakot! May magandang balita ako para sa inyo. Ipinanganak na ang Tagapagligtas! Makikita ninyo Siya na nakahiga sa isang sabsaban." Pagkatapos, marami pang anghel ang dumating at kumanta, "Glory to God! Kapayapaan sa lahat ng tao!"

Natuwa ang mga pastol at nagmadaling pumunta sa Bethlehem. Nakita nila si Jesus, si Maria, at si Jose sa maliit na kuwarto kasama ang mga hayop. Napakasaya nila! Pagkatapos, ikinuwento nila sa lahat ang tungkol sa bagong panganak na sanggol, si Jesus, at tuwang-tuwa rin ang lahat ng nakarinig.

Hindi nagtagal, dumating ang mga pantas (wise men) mula sa malayong lugar. Sinundan nila ang isang maliwanag na bituin hanggang sa makapunta sila kay Jesus. Pagpasok sa kuwarto, nakita nila ang bata sa piling ni Maria na kanyang ina. Lumuhod sila at sinamba ang bata. Nagdala sila ng mga regalo para sa sanggol na si Jesus—ginto, insenso, at mira.

Nang ang sanggol ay walong araw na, siya ay tinuli, at siya ay pinangalanang Jesus.

Ibinigay ng Diyos ang pinakadakila at espesyal na regalo para sa atin, si Jesus. Ang kuwento ng kapanganakan ni Jesus ay nagpapakita kung gaano kamahal ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinakamahalagang regalo, ang Kanyang bugtong na Anak na si Jesus, upang iligtas tayo mula sa kaparusahan ng ating mga kasalanan. Ang Diyos ay nagmamalasakit sa ating espirituwal na buhay at kaligtasan.

